Duwalidad ng Estruktura

Binubuo ba ng mga indibidwal ang lipunan, o binubuo ng lipunan ang mga indibidwal?

Matagal nang hinahanap ng mga antropologo't sosyologo ang sagot sa tanong na ito, at hanggang ngayon, wala pang pagkakasundo ukol dito.

Kung pare-pareho ang pagpapalaki sa mga tao sa isang komunidad, masasabi bang ang mga tao rin ang nagpapasya para sa kanilang mga sarili? O nagdedesisyon lang ba sila batay sa ibinibigay sa kanila ng lipunan? May mga nagsasabing nililimitahan daw ng lipunan ang mga maaaring pagpilian ng mga indibiduwal, at binibigyan sila ng direksyong kanilang dapat tahakin. Gayumpaman, maraming tao ang may ayaw sa ideyang ito, dahil maraming desisyong kailangang gawin araw-araw na tila hindi nagmumula sa lipunan. Kung gayon, mayroon nga ba tayong kalayaang magpasya? Paano nalilimitahan ng lipunan ang ating mga desisyon o kagustuhan?

Halimbawa, isipin mo na lang ang iyong relihiyon. Sumapi ka sa relihiyon mo pagkapanganak, dahil naniniwala ang pamilya mo sa relihiyong iyon. Karamihan sa mga relihiyon, may mga ritwal o gawaing nagbibigay ng kalayaan sa iyo upang patotohanan o pagtibayin ang iyong paniniwala upang ganap na makasapi sa pamayanan, tulad ng Kumpil sa mga Katoliko. Binibinyagan sila pagkapanganak, pero sa seremonya ng Kumpil, pinipili nilang manatiling Katoliko. Kahit pa hindi mo pinili ang iyong relihiyon noong bata, nasasaiyo na kung ipagpapatuloy mo at magiging aktibo ka sa iyong relihiyon. Kapag nagpalit ka ng relihiyon, nasasaiyo na rin iyon. Bakit mo nga ba ginawa ang desisyong iyon? Dahil ba naniniwala ka sa iyong relihiyon, o dahil sa impluwensya ng lipunan?

Hindi mo kontrolado kung sa aling relihiyon ka sasapi, at binibigyan ka ng panuntunan ng mga relihiyong ito sa iyong mga susundin sa araw-araw, tulad ng iyong kakainin o susuotin. May epekto ang mga panutong ito sa mga desisyong ginagawa mo. Halimbawa, kung Muslim ka, Halal food lang ang kakakinin mo. Kung Katoliko naman, iiwas kang kumain ng karne kapag Mahal na Araw. May pasya ka pa rin sa kakainin, subalit limitado ka dahil sa mga panuto ng iyong relihiyon.

Kung nakapagpapasya ka sa iyong araw-araw na buhay, pero nalilimitahan ng lipunan, ang ibig-sabihin ba nito, lipunan ang bumubuo sa mga indibiduwal, at wala tayong kontrol sa ating lipunan? Taliwas ang maraming pilosopo at antropologo rito. Naniniwala silang may kapangyarihan ang mga indibidwal na baguhin ang lipunan katumbas ng pagbabago ng lipunan sa mga indibidwal, o mas higit pa. Pareho lang ang lagay ng lipunan dahil pinipili ng mga taong manatili sa status quo o sa nakagawian, at sundin ang inaasahan sa kanila. Subalit kapag tumaliwas ang mga tao sa status quo, may mangyayaring pagbabago.

Halimbawa, si Greta Thunberg, na isang 17-taong gulang na dalaga mula Sweden, ay naging kilalang aktibista sa mga nagdaang taon. Tipikal na bata si Greta na ginamit ang kanyang tinig upang manindigan laban sa mga isyung pangkalikasan at climate change. Nagsimula siya sa pagwewelga sa eskuwela ukol sa usapin ng climate change, hanggang umabot sa labas ng parlamento ng Sweden, kung saan sinundan siya ng kanyang mga kapwa-estudyante. Ngayon, isa na siya sa mga nangunguna sa adbokasiya kontra climate change, at isa sa mga pinaka-kinikilalang environmentalist sa buong mundo. Maraming napukaw at naliwanagan dahil sa kanya-- mga bata't matatanda-- at agad sumali sa laban para sa kalikasan, sa pagtulong sa kani-kanilang maliliit na paraan, tulad ng pag-aalay ng donasyon, pagiging mas maingat sa pagtatapon ng basura, at sa pagmulat pa sa iba.

Hindi lahat ng indibidwal na kumokontra sa status quo ay nababago ang lipunan sa malinaw o tiyak na paraan, subalit magagawa ito ng isang grupo. Hindi man maging matagumpay ang pagkontra ng isang tao sa nakagawian, nagbubukas naman ito ng pinto sa posibilidad ng pagbabago sa mga susunod sa kanila. Gaya ng kay Greta Thunberg-- hindi man niya nagawa nang mag-isa ang malawakang pagbabago, ang mga pagkilos namang kanyang nabigyang-daan, kapag nagsama-sama, ay maaaring makapagsimula ng pagbabago. Ang makita ang isang matapang na indibiduwal na sumalungat sa nakasanayan, at sa paraang hindi inaasahan, ay maaaring maging inspirasyon at mabuting halimbawa sa iba. Habang parami nang parami ang mga taong sumasang-ayon sa pagkilos sa ibang paraan, unti-unti itong nagiging karaniwan, at nababago nito ang lipunan.

Ngayon, nakikita na natin kung bakit hindi nasasagot ng mga antropologo't sosyologo ang tanong kung indibiduwal nga ba ang bumubuo sa lipunan o ang lipunan ang bumubuo sa mga indibidwal. Maraming sang-ayon na parehong kailangan itong mangyari, at hindi maaaring pag-usapan ang isa nang wala ang kabila. Kailangan ng lipunan ng mga indibiduwal upang ito'y umiral, kasabay na kailangan din ng indibiduwal ang lipunan upang makapamuhay nang makabuluhan. Kapag ipinanganak ang isang indibiduwal sa isang lipunan, may mga panuntunan, mga nakagawian, at mga limitasyon nang umiiral. Sinusunod ng indibiduwal ang mga panutong ito at siya'y nahuhubog ng lipunan, kasabay ng paghubog ng lipunan dahil sa mga indibidwal na kabilang dito, at ang kanilang mga pasya, nakapaloob man ito sa hanggahan ng lipunan o hindi. Tuloy-tuloy lamang ang impluwensiya't pagtatalaban ng kilos ng tao at ng mga institusyong panlipunan, kung saan nalilimitahan ng mga institusyon ang mga pasya ng mga indibidwal, at binabago naman ng mga kilos ng mga indibiduwal ang mga limitasyong ito.

Authors: Nuria Benitez and Samantha Merida
Translation: Ali Sangalang
Source: Article 4 Eriksen, Thomas Hyland. 2001. Small Places, Large Issues: An Introduction To Social and Cultural Anthropology, 2nd Edition. London: Sterling Press. pp. 73– 92
Greta Thunberg: Who is she and what does she want?. Feb 28, 2020. BBC news [website]. https://www.bbc.com/news/world-europe-49918719